



# FINDING Your Way<sup>®</sup> HANAPIN ang Iyong Daan

*Para sa mga taong may Alzheimer's,  
ang bawat hakbang ay mahalaga.*

## Mga dapat gawin kapag natagpuan na ang taong nawala

---

Ang taong may Alzheimer's o iba pang sakit na kaugnay nito ay kadalasang makakaranas ng pagkataranta at pagkalito kapag siya ay natagpuan na. Ang pagsunod sa mga istrategiya na nasa sumusunod na listahan ng mga dapat gawin ay maaaring makatulong sa pagpapakalma sa tao at maghikayat sa kaniya na umuwi ng bahay.

### Maging handa

- ✓ Kapag masama ang panahon sa oras ng kaniyang pagkawala, maghanda at magdala ng mga damit pamalit kasama na ang damit-panloob, medyas, dyaket at sapatos (na angkop sa kundisyon ng panahon).

### Kalmadong lumapit

- ✓ Lapitan siya nang kaswal. Siguraduhing nakikita niya ang iyong paglapit.
- ✓ Kung ayaw pa niyang umuwi, saglit na maglakad nang kasama siya habang nakikipag-usap nang kalmado at gamit ang normal na tono ng pananalita.

### Magbigay ng katiyakan upang mapanatag ang kaniyang loob

- ✓ Ipanatag ang kaniyang kalooban sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung nasaan siya at kung bakit siya naroroon.
- ✓ Ipaalam sa kaniya na ikaw ay nag-aalala at ngayon ay masaya na siya'y nakabalik na.
- ✓ Kausapin siya tungkol sa mga pamilyar na bagay na maaaring makatulong sa kaniya upang naisin niyang umuwi. Ang isang imbitasyon na mag-tsa (o mag-kape) o pakainin ang aso ay maaaring maging sapat na dahilan para umuwi ang tao sa kaniyang tahanan.



Para sa impormasyon kung paano maaaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na Alzheimer Society, tumawag sa 2-1-1  
Bumisita sa: [FindingYourWayOntario.ca](http://FindingYourWayOntario.ca)

Société Alzheimer Society

Fundado por





## FINDING Your Way<sup>®</sup> HANAPIN ang Iyong Daan

*Para sa mga taong may Alzheimer's,  
ang bawat hakbang ay mahalaga.*

- ✓ Maaaring gusto talaga niyang makapunta sa isang partikular na lugar. Kung posible, pag-isipan kung pwede siyang dalhin agad doon o sa ibang araw.

### **Panatilihin ang iyong perspektibo**

- ✓ Ang karanasan na magkaroon ng isang taong nawawala ay lubhang nakababahala. Tandaan na ang ginawa nilang ito ay parte ng pagkakaroon ng Alzheimer's at iba pang mga sakit na kaugnay niyo. Walang dapat sisihin dito.
- ✓ Sa oras na nakauwi nang ligtas ang tao, natural lamang na siguraduhing hindi na ito mauulit muli. Itutok ang atensyon sa pag-iwas na mauulit ang ganitong pangyayari.
- ✓ Ang pagpigil sa tao na gamit ang puwersa ay hindi kailanman dapat gamitin dahil ito ay maaaring magdulot ng hindi magagandang epekto (tulad ng mas mataas na tsansang mahulog o matumba at masaktan o masugatan ang taong pinipigilan) at hindi ito napatunayan na nakakatulong sa pagbaba ng dami ng insidente ng pagkawala.

### **Humingi ng tulong**

- ✓ Para sa karagdagang impormasyon at suporta, tumawag sa resource centre ng iyong lokal na Alzheimer Society. Bumisita sa [www.alzheimerontario.ca](http://www.alzheimerontario.ca) para makakuha ng impormasyon sa mga tulong na maaaring makuha mula sa Alzheimer Society of Ontario at para mahanap ang iyong lokal na society.
- ✓ Matapos ang mga ganitong hindi inaasahang pangyayari, ang ibang tagapag-alaga ay pinipiling tasahan ang kung ano ang mas makabubuti sa pamumuhay ng taong may Alzheimer's o iba pang sakit na kaugnay nito. Makakatulong ang iyong lokal na Alzheimer Society sa mga ganitong pagdedesisyon.

*Adapted from materials developed by Alzheimer Society British Columbia.*